



VIRGINIA BEACH CITY PUBLIC SCHOOLS CHARTING THE COURSE

Mahal na Magulang/Tagapangalaga:

Nakalakip ang cover sheet at Teacher Information Form para sa aplikasyon sa Old Donation School (ODS). Lahat ng aplikasyon sa ODS ay dapat isumite sa Gifted Education Testing Office, 2512 George Mason Drive, Virginia Beach, VA 23456 sa o bago **Ene. 10, 2022 ng 5 n.h. para sa baitang 2-7 at Peb. 10, 2022 ng 5 n.h. para sa baitang 1.**

Lahat ng aplikante na kasalukuyang nasa baitang 1-7 ay sasailalim sa pagsusulit bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon. Pakitandaan na lahat ng pagsusuri ng kakayahan na isinasaalang-alang sa proseso ng pagtukoy ng pagiging gifted ay dapat pangasiwaan ng mga kawani ng Virginia Beach City Public School (VBCPS). Ang mga mag-aaral na hindi kasalukuyang tinukoy para sa mga serbisyong para sa gifted ay rerepasuhin ng VBCPS Gifted Identification and Placement Committee, at aabisuhan ang mga magulang sa mga resulta sa pamamagitan ng email sa loob ng 10 araw matapos ang mga pulong ng Gifted Identification and Placement Committee. *Para makonsidera sa ODS, kailangang matugunan muna ng estudyante ang mga pamantayan ng pagtukoy para sa mga serbisyong pang-gifted sa VBCPS.*

Para sa kaginhawaan mo, naglakip kami ng kopya ng "Proseso ng Pagpili ng Old Donation School".

Pakipirmahan at kumpletuhin ang nakalakip na cover sheet at ibalik ito sa Gifted Education Testing Office bago ang mga tinukoy na deadline. Tiyaking matatanggap ng kasalukuyang guro ng anak mo ang Teacher Information Form at ang Student Interview Form na bahagi ng aplikasyong ito. Isang form ng guro lang ang tatanggapin. Kapag natanggap na ang aplikasyon mo, idadagdag ang anak mo sa listahan ng mga aplikanteng sasailalim sa pagsusulit. Makatatanggap ka ng paalaala sa pamamagitan ng email tungkol sa pagsusulit bago ang mga petsang nakasaad sa ibaba:

Mga Petsa ng Pagsusulit para sa Baitang 2-7: Biyernes, Peb. 11, 2022

Mga Petsa ng Pagsusulit Para sa Baitang 1: Biyernes, Abril 29, 2022

Anumang tanong tungkol sa pagtukoy ng pagiging gifted o proseso ng pagpili ng ODS ay dapat idulog sa isang espesyalista sa pagsusuri sa Gifted Education Testing Office sa (757) 263-6870. Salamat sa interes mo sa mga serbisyo ng programang pang-gifted. Makakakita ka ng karagdagan pang impormasyon tungkol sa programang pang-gifted ng VBCPS sa aming website na www.vbschools.com/academic_programs/gifted/.

Lubos na gumagalang,

Ardene Bunch, Ed.D.

Tagapangulo ng Pagsusulit para sa Gifted
Espesyalista sa Pagsusuri



Proseso ng Pagpili ng Old Donation School

Upang maisaalang-alang para sa pagkakalagay sa Old Donation School (ODS), ang mga mag-aaral ay dapat makatugon sa mga pamantayan para sa pagtukoy ng isang gifted at dapat maging isang karapat-dapat na mag-aaral na kasalukuyang naka-enroll sa VBCPS; may magulang/tagapangalaga na naninirahan sa lunsod ng Virginia Beach at may planong i-enroll ang mag-aaral sa VBCPS; isang anak ng isang pamilyang militar na nakakatugon sa mga kahilingan ng pagiging karapat-dapat at paglipat gaya ng isinasaad sa Code of Virginia §22.1-360, gaya ng sinusugan; o kuwalipikado sa ilalim ni McKinney Vento na dumalo sa VBCPS.

Lahat ng mag-aaral na na-review sa panahon ng pagpili ay tatanggap ng serbisyong para gifted sa Virginia Beach. Isang team ng humigit-kumulang 25 katao, na lahat ay empleyado ng VBCPS, at may iba't ibang karanasan, pinagmulan, at etnisidad ang naglilingkod sa bawat Komite sa Pagpili. Ang mga proseso ng pagpili para sa mga bawat programa ay nagsisimula sa pagsasanay upang matugunan ang inter-rater reliability. Inihaharap sa mga miyembro ng komite sa pagpili ang impormasyon sa pagsusulit na kabilang sa aplikasyon ng isang bata. Kabilang sa introduksiyong ito kung paano bibigyang kahulugan ang mga iskor sa pagsusulit. Ang presenter ay magbabahagi ng mga sampol ng aplikasyon, na walang mga pangalan, upang maipakita kung paano makatarungang rerepasuhin at susuriin ang mga aplikasyon. Kabilang din sa pagsasanay ang pagrerepaso sa mga katangian ng mga gifted na bata, kabilang ang tradisyunal at concomitant, gayundin ang kabuuang impormasyon tungkol sa programa sa ODS. Ginagamit ang sumusunod na mga bahagi sa proseso ng pagdedesiyon:

Cover sheet na may pahintulot ng magulang

Impormasyon ng Guro (isang form lang ang tatanggapin) Na-standard

Mga Iskor sa Pagsusulit (dapat isumite kasama ng form ng guro)

Nakamit ng Mag-aaral (ayon sa ipinahihiwatig sa kasalukuyang report card – dapat isumite kasama ng form ng guro) Ika¹ na Baitang Gawaing Nakabase sa Pagganap (BAITANG 1 LANG)

Mga sagot sa mga katanungan sa pakikipanayam (BAITANG 5-7 LANG at isasagawa ng guro)

Isang sukatan ng 4-1, kung saan ang 4 ang pinakamataas na rekomendasyon ang ginagamit. Nakalista sa ibaba ang mga paglalarawan para sa bawat numerong sukatan:

4 = mahusay sa lahat ng bahagi ng aplikasyon

3 = mahusay sa karamihan ng mga bahagi ng aplikasyon

2 = nagpapakita ng kahusayan sa ilang mga bahagi ng aplikasyon

1 = iilang bahagi ang nagpapakita ng kahusayan

Habang gumagawa ang buong grupo, pinamumunuan ng tagapagsanay ang komite sa pamamagitan ng pagbibigay ng marka sa ilang sampol na aplikasyon. Magpapatuloy ang prosesong ito hanggang sa maging komportable ang lahat ng miyembro sa mga bahagi ng aplikasyon, sa sukatan, at sa kabuuang proseso ng pagpili. Nangangahulugan ito na walang isang bahagi ng aplikasyon ang mas mahalaga kaysa sa isa pa. Ginagamit ng mga miyembro ng komite sa pagpili ang numerong sukatan upang makumpleto ang kabuoang pagsusuri sa mga aplikante. Hindi bababa sa tatlong magkakahiwalay na reader ang magbibigay ng marka sa bawat aplikasyon. Pana-panahong tumitigil ang mga miyembro ng komite upang itsek ang pagiging maaasahan ng mga marka; kung mahigit isa ang diperensya ng marka ng mga reader, makakatanggap ang aplikasyon ng bukod na pagrerepaso ng iba pang reader at pagtalakay ng grupo ayon sa pangangailangan.

Aabisuhan ang mga magulang/tagapangalaga sa loob ng labing-apat na instructional na araw pagkatapos ng desisyon ng Komite ng Pagpili sa pamamagitan ng email. Maaaring mag-apela ang mga magulang/tagapangalaga sa desisyon ng Komite ng Pagpili. Ang apela ay pinangangasiwaan ng Direktor ng K-12 at Gifted Program.



Kagawaran ng Pagtuturo at Pagkatuto

APLIKASYON PARA SA OLD DONATION SCHOOL

Ang mga aplikasyon para sa mga estudyanteng hindi kasalukuyang naka-enroll sa Virginia Beach City Public Schools ay dapat na kompletuhin at ibalik sa Virginia Beach City Public Schools, Gifted Education Testing Office, 2512 George Mason Dr., Virginia Beach, VA 23456.

Hindi ipoproceso ang di-kumpleto, huli, naka-fax, o naka-email na mga aplikasyon.

Ang huling araw ng pagsusumite ng mga Aplikasyon ng Grade 2-7 para sa Old Donation School ay sa Ene. 10, 2022 ng 5 n.h.

Ang huling araw ng pagsusumite ng mga Aplikasyon ng Baitang 1 para sa Old Donation School ng Peb. 10, 2022 ng 5 n.h.

Pangalan ng Estudyante:

Adres ng Tirahan:
Adres, Lunsod Estado Zip Code

Magulang E-mail Address:

Kasalukuyang Baitang:

Petsa ng Kapanganakan:

Kasalukuyang Paaralan:

Kasarian:

ng Telepono sa Bahay:

Pangalan ng Ina/Tagapangalaga:

ng Telepono ng Opisina:

ng Cell Phone:

Pangalan ng Ama/Tagapangalaga:

ng Telepono sa Trabaho:

ng Cell Phone:

Ang Virginia Beach City Public Schools Gifted Programs ay nag-aalok ng maraming iba't ibang dalubhasang kurikulum para sa lubos na interesado at maganyak na mga mag-aaral. Para maging matagumpay ang mga mag-aaral sa mga programang ito, ang mag-aaral ay dapat na hindi nagbabago at may dedikasyon. Samakatuwid, hinihiling ng Virginia Beach City Public Schools na gawin ng mga mag-aaral at magulang ang sumusunod na kasunduan:

1. Nauunawaan ko ang proseso ng aplikasyon at pagpili tulad ng nakabalangkas sa Virginia Beach City Public Schools.
2. Nauunawaan ko na ang pagsusulit ay makukumpleto ng grupo ng mga tagapagsuri at/o VBCPS psychologist.
3. Upang makapasok sa Old Donation School, dapat kong matugunan ang mga kahilingan sa paninirahan na nakabalangkas sa School Board Policy 5-10.1 sa unang Lunes ng Agosto.
4. Dapat kong ibigay ang kinakailangang mga dokumento sa pag-enroll sa pagrehistro ng isang bata.
5. Ang mga mag-aaral lang na tinukoy bilang gifted ng Virginia Beach City Public Schools ang isasaalang-alang para sa pagpili para makapasok sa Old Donation School.

Pirma ng Magulang:



VIRGINIA BEACH CITY PUBLIC SCHOOLS CHARTING THE COURSE

Aaron C. Spence, Ed.D., Superintendent
ng Virginia Beach Mga Pamublikong Paaralan ng Lungsod
2512 George Mason Drive, Virginia Beach, VA 23456-0038

Ginawa ng Kagawaran ng Komunikasyon at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Department of Communications and Community Engagement) para sa Virginia Beach City Public Schools.

Abiso ng Patakaran Laban sa Diskriminasyon

Hindi nagdidiskrimina ang Virginia Beach City Public Schools batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon/pagkakakilanlan sa kasarian, pagbubuntis, kondisyon noong ipinanganak o mga kaugnay na medikal na kondisyon, kapansanan, estado sibil, edad, genetic na impormasyon o katayuang beterano sa mga programa, aktibidad, pagpapatrabaho, o pagpapa-enroll nito, at nagbibigay ito ng pantay na akses sa Boy Scouts at iba pang itinalagang grupo ng kabataan. Ang mga patakaran at regulasyon ng Lupon ng Paaralan (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Patakaran 2-33, 4-4, 5-7, 5-19, 5-20, 5-44, 6-33, 6-7, 7-48, 7-49, 7-57 at Regulasyon 4-4.1, 4-4.2, 5-44.1, 7-11.1, 7-17.1 at 7-57.1) ay nagbibigay ng pantay na akses sa mga kurso, programa, enrollment, mga serbisyong pagpapayo, physical education at athletic, vocational education, mga materyales sa pagtuturo, mga extracurricular activity at pagpapatrabaho.

Pamagat IX Abiso: Ang mga reklamo o alalahanin hinggil sa diskriminasyon batay sa kasarian o sexual harassment ay dapat na maiharap sa Coordinator ng Pamagat IX, sa Opisina ng Pamumuno ng Mag-aaral ng VBCPS, 641 Carriage Hill Road, Suite 200, Virginia Beach, 23452, (757) 263-2020, Mary.Dees@vbschools.com (mga reklamo ng mag-aaral) o sa Kagawaran ng Pamumuno ng Mag-aaral ng VBCPS, 2512 George Mason Drive, Municipal Center, Building 6, Virginia Beach, Virginia, 23456 (757) 263-1088, Elizabeth.Bryant@vbschools.com (mga reklamo ng empleyado). Makakakita ng karagdagang impormasyon may kaugnayan sa mga patakaran ng Virginia Beach City Public Schools sa diskriminasyon batay sa kasarian at sexual harassment, gayundin kaugnay ng mga proseso ng pagsasampa ng pormal na reklamo at mga kaugnay na proseso ng grievance, sa Patakaran 5-44 at Regulasyon 5-44.1 ng Lupon ng Paaralan (mga estudyante), Patakaran 4-4 at Regulasyon 4-4.3 ng Lupon ng Paaralan (mga empleyado), at sa website ng Dibisyon ng Paaralan. Ang mga alalahanin tungkol sa paglalapat ng Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ay dapat i-address sa Section 504 Coordinator/Executive Director of Student Support Services sa (757) 263-1980, 2512 George Mason Drive, Virginia Beach, Virginia, 23456 o sa Section 504 Coordinator sa paaralan ng estudyante. Para sa mga estudyanteng karapat-dapat pumasok o hinihinalang karapat-dapat makapasok sa espesyal na edukasyon o kaugnay na mga serbisyo sa ilalim ng IDEA, mangyaring makipag-ugnayan sa Office of Programs for Exceptional Children sa 757.263.2400, Plaza Annex/Family and Community Engagement Center, 641 Carriage Hill Road, Suite 200, Virginia Beach, VA 23452.

Ang School Division ay nakatuon sa pagbibigay ng edukasyon sa isang kapaligirang walang diskriminasyon, harassment, at pambu-bully. Ang mga mag-aaral, kawani, magulang/tagapangalaga na may mga alalahanin tungkol sa diskriminasyon, harassment, o pambu-bully ay dapat makipag-ugnayan sa administrasyon ng paaralan sa kanilang paaralan. Ang agarang pagsusumbong ng mga alalahanin ay magbibigay-daan sa paaralan na makagawa ng naaangkop na mga aksyon upang siyasatin at lutasin ang mga isyu. Ina-adres ng School Board Policy 5-7 ang pag-iwas sa diskriminasyon at paglaban sa harassment, ina-adres ng Policy 5-44 ang sexual harassment at diskriminasyon batay sa kasarian o gender. Ang Policy 5-36 at ang mga sumusuportang regulasyon ay para sa iba pang mga uri ng harassment.

Maaaring kabilang sa mga alternatibong format ng publikasyong ito ang taped, Braille, malalaking inilimbag na materyales na makukuha kapag hiniling ng mga indibidwal na may kapansanan. Tumawag o sumulat kay Nicole Ingalls, Virginia Beach City Public Schools, 2512 George Mason Drive, P.O. Box 6038, Virginia Beach, VA 23456-0038. Telepono 263-1070 (boses); fax 263-1260; 263-1240 (TDD) o i-email siya sa Nicole.DeVries@vbschools.com

vbschools.com

ang iyong birtuwal na lik sa pinakamalaking sistemang pampaaralan sa Hampton Roads



Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring ilathala o ibahagi sa anumang anyo nang walang espesipikong pagkilala sa Virginia Beach City Public Schools.

Mayo 2021



TEACHER INFORMATION FORM

Mangyaring kumpletuhin at ibalik nang direkta sa Virginia Beach City Public Schools, Gifted Education Testing Office, 2512 George Mason Dr., Virginia Beach, VA 23456.

Ang huling araw ng pagsusumite ng mga Aplikasyon ng Grade 2-7 para sa Old Donation School ay sa Ene. 10, 2022 ng 5 n.h. ang huling araw ng pagsusumite ng mga Aplikasyon ng Baitang 1 para sa Old Donation School ay sa Peb. 10, 2022 ng 5 n.h. *Pakilakip ang report card at anumang pagsusulit na na-standard.*

Estudyante:

Guro: Paaralan/Baitang:

Pirma ng Guro: Petsa:

Pinahalagahan namin ang input mo at rerepasuhin namin nang mabuti ang pagsusuri mo.

Checklist ng Guro para sa Pag-oberba ng Mga Asal ng Gifted

Nasa ibaba ang mga asal, katangian at pag-uugali na maaaring magpahiwatig ng pagiging gifted, kasama ng mga halimbawa kung paano maobserverbahan ang mga ito. Mangyaring maglagay ng marka na tsek kung regular na naobserverbahan at magbigay **ng mga partikular na katibayan/halimbawa** sa nakalaang espasyo para sa bawat bahagi na nalagyan ng tsek.

I. KOMUNIKASYON/WIKA

- Nagpapakita ng advanced na bokabularyo para sa edad o grupo ng edad at/o nagpapakita ang pakikipag-usap ng mahusay na ekspresyon, paglalarawan, pagpapaliwanag, at katatasan sa wika. Ito ay maaaring pinaghalong standard na Ingles at katutubong wika, o iba pang wika.
- Malikhain sa paghahanap ng paraan para makipagkomunika at magpahayag ng mga ideya (hal., pagguhit, pagmuwestra, kilos ng katawan, paggamit ng mga konkretong bagay, o iba pang alternatibong paraan nang hindi nagsasalita bilang kapalit ng pagsasalita).
- Nakakapagbasa nang mag-isa nang madalas; maagang nahilig sa pagbabasa; naghahanap ng advance na babasahin.
- Masigasig at minsan ay hindi karaniwan ang pagiging palatawa; natatawa sa mga sitwasyong maaaring hindi nakakatawa sa iba.
- Nakakatawa ang pananalita, pakikisalamuha, mahusay magkuwento; nagbibiro, nagpapatawa, nilalaro ang mga salita, na maaaring nakakatawa o antagonistiko; kayang tawanan ang sarili.



Estudyante:

II. COGNITIVE NA PAGKATUTO

- Mabilis magkabisang at makaalala; nakakaalala at gumagamit ng mga bagong ideya at impormasyon; maaaring tumanggi sa mga nakagawian at paulit-ulit.
- Masigasig at alertong mag-observa at/o makinig (hal., madalas ay "nakakakita ng higit pa" o "nakakakuha ng higit pa" sa isang kwento o palabas kaysa sa iba at/o madalas na magbasa sa mga larangang kinahihiligan at/o abante ang "cognitive" na pag-unlad kumpara sa sosyokultural at mga kaedad).
- Mas detalyadong nag-iisip, nakagagawa ng mga dekorasyon sa isang ideya, sitwasyon, o problema.
- Malalim magtanong at/o kakaiba ang mga tanong para sa edad niya; inuusisa ang lampas pa sa kung anong itinuturo.
- Mahusay mag-isip, mahusay sa pagbubuo ng ideya, kayang mag-isip ng napakaraming posibilidad, kahihinatnan, o mga kaugnay na ideya.
- Gustong tuklasin ang paano at bakit ng mga bagay-bagay. Nagtatanong ng maraming katanungan upang matukoy kung bakit o paano nangyayari ang mga bagay, kung ano ang susunod na mangyayari, o kung paano gumagana ang mga bagay.
- Mas gustong matuto nang may kaakibat na aksyon at pisikal na pagkilos.
- Orihinal mag-isip, kayang makita ang mga relasyon sa pagitan ng mga tila walang kaugnayang bagay-bagay, ideya, o katotohanan.
- Inilalapat ang mga natutunan mula sa isang sitwasyon tungo sa isa pa; inilalapat ang natutunan sa pang-araw-araw na sitwasyon; kayang magpaliwanag ng mga kumplikadong konsepto. Kayang suriin ang mga usapin mula sa iba't ibang mga pananaw
- Ikinatutuwa ang mahihirap na palaisipang matematikal at mga laro.
- Natutuklasan ang mga parisang at relasyon, marahil sa pamamagitan ng pagsasa-ayos ng datos at impormasyon. Maaaring bihasa sa pagtuklas ng mga ugnayan ng spatial.



Estudyante:

III. PAGIGING MALIKHAIN/IMAHINASYON

- Intelektwal na pagiging mapaglaro: nag-i-imagine, nagpapalawig, o binabago ang mga simpleng ideya upang madagdagan ang interes o saya.
- Malakas ang loob; mapangahas at handang tumaliwas sa mga karaniwang paraan, sagot, o pag-uugali; hindi natatakot na maging iba.
- Malalim na nasasangkot sa mga kuwento o pelikula, personal na kinikilala ang mga karakter at kuwento; kayang gumawa ng sariling kuwento at palabas.
- Abala sa sariling isipin, nagtatanong nang walang kaugnayan, maaaring magmukhang hindi organisado.
- Mabilis na naiinip sa mga nakagawiang gawain at pagsasaulo ng mga impormasyon at detalye; mas gustong pag-usapan ang mga ideya at problema.
- Nag-i-improvise gamit ang mga karaniwang materyales; lumilikha ng mga orihinal at hindi karaniwang produkto; nag-iimbento ng mga bagay gamit ang limitadong materyales. Gumagamit ng mga laruan o gadyet sa hindi pangkaraniwang produktibong paraan; madaling gumawa ng paraan.
- Nasisiyahan sa malikhaing proseso ng paglutas ng problema, nakakabuo ng maraming solusyon sa kabila ng mga posibleng limitasyon o hadlang.

Ebidensya 500 Karakter



Estudyante:

IV. Sosyal/Emosyonal

- Mapamuna sa sarili at nagsisikap na maging perpekto; maaaring maging mapamuna sa iba o magpakita ng kawalan ng kahandaang sumubok nang may panganib na magkamali.
- Madaling mabalisa at kailangan ng suportang emosyonal.
- Nag-oorganisa at nagdidirekta ng mga aktibidad kapag sangkot sa isang grupo; maaaring magmukhang nangingibabaw sa iba.
- Nagpapakita ng pagiging mature ng pag-iisip at pagpapasya na lampas sa sarili nilang edad.
- Maaaring maging radikal, malakas ang loob at/o agresibo kapag hindi nakakasundo.
- Kinukuwestiyon ang awtoridad.
- Malaki ang tiwala sa sarili kapag kasama ang mga kaedad, pati na rin ang matatanda. Maaaring mahirapan sa pagkikipag-ugnayan sa mga kaedaran.
- Kakaiba ang lalim at intensidad ng emosyon; sensitibo at nakikiramay sa mga pakiramdam ng iba.
- Tahimik at gustong mapag-isa; mas gusto ang mga indibidwal na aktibidad o mga aktibidad kasama ng iisang kaibigan.



Estudyante:

V. PAGKAKAHIKAYAT

- Mabilis at tuloy-tuloy na tumututok sa mga paksa o gawaing kinahihiligan.
- Sinasamantala ang mga pagkakataon upang matuto; tinatamasa ang mga hamon at gawain na hindi nakasanayan. Kailangan ng kaunting paghihikayat para ituloy ang mga gawaing kinahihiligan.
- Mas marami ang ginagawa kaysa sa pinakakaunting hinihingi.
- Matindi ang kagustuhang matuto, sa loob o labas man ng paaralan.
- Pursigido at mahaba ang atensyon at kakaunti ang kailangang direksyon kapag mag-isang gumagawa ng mga gawain. Minsan lilitaw na walang kamalayan sa mga deadline.
- Hindi agad na nagagambala kapag lumulutas ng mga problema.

Ebidensya 500 Karakter

VI. Mga Interes

- Mayroon at nagbabahagi ng maraming impormasyon, kung saan ang ilan ay lampas na sa interes ng mga kaedad.
- Madaling masabik o masangkot sa iba't ibang paksa; gayunman, maaaring hindi magpatuloy.
- Mausisa tungkol sa maraming bagay; maraming hilig o may isang matinding interes
- Sinusunod ang mga hilig upang matugunan ang pagiging mausisa, na minsan ay nakakagambala sa gawain sa klase.

Ebidensya 500 Karakter



Mga Katanungan sa Panayam ng Mag-aaral
(Para sa Kasalukuyang mga Baitang 5-7 lang)
(kukumpletuhin at isusumite ng guro)

Mga Tagubilin: Pakibasa ang mga tanong sa mga estudyante gaya ng nakasulat. Kung kailangang palawigin ang tanong para sa mga estudyante ng primary grade, pakitingnan ang karagdagang impormasyon na ibinigay. Ang mga sagot ng mag-aaral sa script sa mga kahon sa ibaba ng bawat tanong.

Estudyante:

1. Iarawan ang mga talento at kahusayan na iyong nakita.

- Alam mo ba ang ibig sabihin ng mga talento at kahusayan? Ang mga talento at kahusayan ay mga bagay na maaaring madali para sa iyo o mga bagay na napakahusay mong gawin kaya itinuturing mo ang sarili mo bilang eksperto. Ang mga ito ay maaaring mga bagay na ikinatutuwa mong gawin. Ang mga ito ay maaaring mga bagay na natutunan mo sa paaralan, paglabas ng paaralan, sa bahay, o kasama ng mga kaibigan.
- Sabihin mo sa akin ang mga talento mo sa paaralan o sa bahay.

2. Paano nakatulong ang mga talento at kahusayan mo para magtagumpay?

- Makamit ay nangangahulugang magtagumpay at maging pinakamahusay sa abot ng makakaya mo sa isang bagay.
- Tandaan, ang mga kahusayan ay mga bagay kung saan ka magaling; kaya, paano ka natulungan ng mga bagay na ito para maging matagumpay?
- Paano nakatulong ang mga bagay na ito para matuto ka ng mga bagong bagay?

3. Iarawan ang mga layunin mo sa hinaharap.

- Ano sa palagay mo ang gusto mong gawin pagsulong mo?
- Ano ang ilang mga bagay na nais mong matuto nang higit pa?
- Anong gawain ang magiging dalubhasa ka kapag ikaw ay mas matanda na?